GINAGAWA ANG AMING PARTE sa pamamagitan ng

# Adult Protective Services

Adult Protective Services
Virginia Department for Aging and Rehabilitative Services

## ANO ANG Adult Protective Services (APS)?

Ang APS ay isang programa ng mga serbisyong panlipunan na nakatuon sa pagtulong sa mga mas nakatatanda at mga indibidwal na may kapansanan na mamuhay nang mga dignidad at paggalang sa pamamagitan ng pag-iimbestiga ng mga paratang ng pang-aabuso, pagpapabaya, pagpapabaya sa sarili, at pagsasamantala.

## SINO ANG MGA MAAARING MAKATANGGAP NG MGA serbisyong APS?

Sa Virginia, ang APS ay naglilingkod sa mga matatanda/nasa hustong gulang na:

- ✓ 60 taong gulang pataas; o
- ✓ 18-59 na taong gulang at walang kakayahan (incapacitated)
- ✓ Nakatira sa pang-komunidad o residensyal na tirahan maliban sa mga correctional facility ng estado

## PAANO MO BINIBIGYANG-KAHULUGAN ANG Pang-aabuso, Pagpapabaya, Pagpapabaya sa Sarili, at Pagsasamantala?

Nasa ibaba ang ilang karaniwang pagbibigay-kahulugan. Para sa higit na impormasyon, bisitahin ang aming website sa dars.virginia.gov/aps/.

### Pang-aabuso

Kabilang sa pang-aabuso ang pisikal, mental, o sekswal na pagmamaltrato.

### Pagpapabaya

Ang pagpapabaya ay kapag nabigong magbigay ang tagapag-alaga ng sapat na tulong na inaasahan ng isang matanda/nasa hustong gulang - tulad ng pagkain, damit, tirahan, o kinakailangang medikal na pangangalaga.

### Pagpapabaya sa Sarili

Ang Pagpapabaya sa Sarili ay kapag hindi kaya ng isang matanda/nasa hustong gulang na matugunan ang kanilang sariling mahahalagang pangangailangang pisikal, sikolohikal, o panlipunan, na nagbabanta sa kanilang kalusugan, kaligtasan, at kabutihan ng kalagayan.

### Pagsasamantala

Ang pagsasamantala ay kapag sinasamantala ng isang tao ang isang matanda/nasa hustong gulang o ang kanilang pananalapi para sa personal na benepisyo o makakamtang pinansyal.

## PAANO gumawa ng ulat?

1. Kontakin ang APS gamit ang impormasyon sa dulo ng dokumento.
2. Tiyaking ibigay ang sumusunod na impormasyon, ngunit tandaan na maaari mong gawin ang pag-uulat na ito nang di ka pinapangalanan kung nanaisin mo:
   - ✓ Ang pangalan ng matanda/nasa hustong gulang, edad/petsa ng kapanganakan, o iba pang nagtutukoy na impormasyon
   - ✓ Bakit nanganganib ang indibidwal para sa pang-aabuso, pagpapabaya sa sarili, pagpapabaya, o pagsasamantala
   - ✓ Paglalarawan ng sitwasyon, anumang mahalagang pantukoy ng taong diumano'y nang-aabuso, o iba pang mga panganib sa tinitirhan.






## BAKIT dapat kang mag-ulat?

Ang karamihan ng mas nakatatanda at mga indibidwal na may kapansanan ay namumuhay nang mag-isa nang walang tulong. Gayunpaman, ang ilan ay nakararanas ng pang-aabuso, pagpapabaya o pagsasamantala ng iba at kailangan ng mga sinanay na propesyonal upang magtanggol sa kanila. Ang iba ay maaaring nahihirapan sa mga rutinang aktibidad at nakikinabang mula sa mga serbisyong pansuporta sa loob ng tahanan upang mapanatili ang kanilang kalusugan at kakayahang mamuhay mag-isa.

Tumutulong ang APS sa pamamagitan ng pagtatasa ng mga natatanging pangangailangan ng indibidwal, at pagkatapos ay pagbuo ng plano ng serbisyo upang suportahan ang kaligtasan, kalusugan at kakayahang mamuhay mag-isa ng matanda.





## ANO ANG MANGYAYARI pagkatapos kong mag-ulat?

Sinusuri ng APS ang ulat kung wasto at iimbestigahan ang pinaghihinalaang pang-aabuso, pagpapabaya, pagpapabaya sa sarili o pagsasamantala, at ikokonekta ang indibidwal sa mga serbisyong pansuporta kung nais ng indibidwal na makatanggap ng mga ito.

Nauunawaan namin na ang bawat isang matanda/nasa hustong gulang ay may karapatan sa pagpapasya para sa sarili; Hindi maaaring pilitin ng APS ang sinuman na tumanggap ng tulong (maliban sa mga limitadong kalagayan) kung hindi nila nais makatanggap nito. Ang APS ay walang awtoridad na magparusa sa mga pasilidad o tagapagkaloob. Hindi rin namin makokontrol kung magbubukas ang tagapagpatupad ng batas ng kriminal na imbestigasyon. Ang mga imbestigasyon ng APS ay kumpidensyal, kaya maaaring hindi kami makapagbigay sa iyo ng mga detalye ng imbestigasyon.



## PAANO KUNG hindi ako sigurado?

Mayroon ka lang bang "pakiramdam" tungkol sa isang sitwasyon ngunit hindi maberipika ang mga detalye? Sinanay ang mga propesyonal ng APS sa paghawak ng mga naturang sitwasyon. Batay sa iyong ulat, tatasahin ng APS ang sitwasyon at aalamin ang pinakamahusay na paraan ng pagtugon. Matutukoy ng iyong lokal na departamento ang pinakamahusay na paraan ng pagkilos sa anumang sitwasyon.



Adult **Protective Services**
Virginia Department for Aging and Rehabilitative Services

Upang mag-ulat ng pinaghihinalaang pang-aabuso, pagpapabaya, o pagsasamantala sa matanda/nasa hustong gulang, tawagan ang iyong **lokal na departamento ng mga serbisyong panlipunan** o ang 24 na oras at libreng APS hotline sa: (888) 832-3858.